

20. Panginoon, sa kabila ng mataas ang kaso ng diborsiyo sa Northern Cyprus, nawa'y tanggihan ng mga mag-asawa doon ang popular na pag-iisip na "no string attached" at sa halip ay matuto silang maging matapat at mapagbigay sa isa't-isa. (Matt. 19:6)

21. Panginoon, idinadalangin namin ang pagsasalin, pagbubuo ng konteksto at paggawa ng mga programang Kurdish Women of Hope. Nawa'y baguhin ng mga broadcast na ito ang puso ng mga tagapakinig. (Col. 3:16)

22. Aming Diyos, dalangin namin na igapos mo ang mga espiritu ng pagpapakamatay at kawalan ng pag-asa na bumihag sa puso ng maraming kababaihang Muslim sa Uzbekistan. Palayain Mo sila upang makahanap ng pag-asa sa iyo. (Jer. 29:11)

23. Ama namin sa Langit, mangyaring wakasan Mo ang karahasang nangyayari sa mga kababaihan sa Bahrain. Pagalingin at ibalik Mo ang mga kababaihang naapektuhan ng karahasang ito. (Ps. 147:3)

24. Panginoong Diyos, maraming ama sa Gitnang Asya ang lumilipat sa ibang bansa para magtrabaho, na iniwan ang mga ina na mag-isa upang alagaan ang mga bata. Idinadalangin namin na ang mga pamilya ay hindi magkahiwalay o masira dahil dito. (Mal. 2:16)

25. Panginoon, bigyan Mo ng proteksyon at paggaling ang mga kababaihan at pamilya sa North Africa na dumaranas ng pisikal at emosyonal na pang-aabuso. (Ps. 10:17-18)

26. Ama, bigyan Mo ng kagalingan at pagpapanumbalik ang mga babaeng Israeli na nabitag sa prostitusyon bilang resulta ng pagkalulong sa droga. (Prov. 24:11-12)

27. Panginoon, nananalangin kami para sa hustisya at karapatan ng mga kababaihan sa Tunisia. Nawa'y ang mga kababaihan doon ay magkaroon ng pagkakapantay-pantay at pagiging patas sa lahat ng aspeto ng buhay. (Mic. 6:8)

28. Panginoong Diyos, nawa'y mabigyan ng mas maraming pagkakataon para sa trabaho at edukasyon ang mga kababaihan sa Algeria. Nawa'y magkaroon sila ng mga positibong epekto sa kanilang lipunan habang tinutupad nila ang kanilang mga pangarap. (Prov. 18:15)

29. Ama, ilapit Mo sa Iyo ang mga kamag-anak ng mga kababaihang mananampalataya sa South Kazakhstan. Nawa'y sumampalataya sila sa tunay na Diyos at makasumpong ng kaligtasan kay Hesus. (Acts 2:39)

30. Panginoon, maging tagapagtanggol Ka ng mga babaeng mag-aaral na nangingibang bansa mula sa Gitnang Silangan hanggang sa Hilagang Cyprus. Habang marami sa kanila ang ngayon pa lamang nakakaranas ng kalayaan mula sa mga kultural na kaugalian na naghigpit sa kababaihan, nawa'y matagpuan nila si Hesus at ang tunay na kalayaan sa kanya. (Gal. 5:1)

31. Ama, humihingi kami ng kapayapaan sa Türkiye sa pagitan ng dalawang magkasalungat na partido noong nakaraang halalan. Nawa'y matuto silang magtulungan. (Rom. 12:16))

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2023. 10.

Panalangin para sa mga kababaihan sa rehiyon ng CAMENA2

Ang CAMENA ay isang daglat na nilikha ng TWR at tumutukoy sa mga rehiyon ng Central Asia, Middle East at North Africa. Ang mga mamamayang Kurdish ay isa sa pinakamalaking grupong etniko sa mundo na walang sariling estado. Sa buong mundo, mayroong 30 million hanggang 40 million Kurds, karamihan ay nakatira sa Kurdistan, na sumasaklaw sa Turkey, Iran, Iraq at Syria.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, pagpalain Mo ang mga Kristiyano sa Türkiye at Syria na nawalan ng mga mahal sa buhay, trabaho at tahanan dahil sa mga paglindol ngayong taon. Nawa'y magliwanag sila para sa iba. (Matt. 5:16)
2. Ama, gamitin Mo ang programang Women of Hope Kabyle para sa pagkaing espirtual sa mga kababaihan sa North Africa na nagdurusa sa pag-uusig at pagpapasara sa mga simbahan. (John 15:4-5)
3. Panginoon, mangyaring protektahan Mo ang mga manggagawa at organisasyon sa Israel na nagdadala ng kalayaan sa mga biktima ng sekswal na pagsasamantala. Sana ay dumami pa ang mga partnerships na gagamit ng aming programang Hidden Treasures. (2 Tim. 4:18)
4. Aming Diyos, mangyaring protektahan Mo ang mga kabataan sa Türkiye na kailangang maglakbay sa ibang bansa upang mag-aral dahil sa mataas na gastos sa unibersidad sa kanilang sariling bayan. (2 Sam. 22:3-4)
5. Habang tumitindi ang kahirapan sa North Africa ay bigyan Mo ng karunungan, Panginoon, ang grupo ng aming TWR Women of Hope sa kanilang hangad na matugunan ang mga humanitarian at espirituwal na pangangailangan ng mga tao. (Prov. 19:17)
6. Panginoon, tugunan Mo ang pangangailangan ng mga ina sa Tajikistan na iniwan ng kanilang asawa. Marami ang nangongolekta ng mga plastik na bote at ibinebenta ito para mapakain ang kanilang mga anak. Nawa'y matulungan ng gobyerno ang mga babaeng ito. (Deut. 31:8)
7. Ama, mula sa unang maliit na grupo sa Northern Cyprus, palaguin Mo ang marami pang mga grupo na

nananalangin at palalimin ang kanilang espirituwal na buhay. Banal na Espiritu, pangunahan Mo ang kilusang ito na mga nananalangin sa Iyo. (Rom. 8:26)

8. Marami sa North Africa ang nawalan ng pag-asa, kahulugan at pagpapahalaga sa maraming bagay, kabilang na ang kanilang sarili. Nawa'y matagpuan ng mga kababaihan ang kanilang tunay na layunin sa buhay at tunay na halaga kay Hesus! (Mat. 6:33)

9. Panginoong Diyos, idinadalangin namin na ang mga kababaihan sa Saudi Arabia ay magkaroon ng pantay na pagkakataon upang maipakita ang kanilang kakayahan. Nawa'y makatagpo sila ng lakas sa Diyos sa pamamagitan ng mga programang Women of Hope. (Gal. 3:28)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, ipinagdarasal namin ang mga babaeng Kurdish na dumaranas ng pang-aabuso. Nawa'y makahanap sila ng mga taong tutulong sa kanila at tumanggap ng kagalingan mula kay Kristo. (Jer. 33:6)

11. Ang pangkukulam ay ginagawa pa rin sa Karakalpakstan. Panginoon, nawa'y ang mga nasasangkot sa mga gawaing ito ay makatagpo ng kaligtasan at kagalingan mula kay Hesu-Kristo. (Acts 19:18-20)

12. Pinupuri Ka namin, Panginoon, para sa aming mga pangkat na naglilingkod sa mga kababaihan sa rehiyon ng Amazigh ng North Africa. Pagpalain Mo ang mga grupong ito habang sila ay nagbibigay ng emosyonal at espirituwal na suporta at tinutulungan ang mga kababaihan na magkaroon ng espirituwal na pananaw sa kanilang buhay. (Rom. 12:1-2)

13. Nawa'y palakasin ng mga programa ng Women of Hope at social media ministry sa Kyrgyzstan ang pananampalataya ng mga kababaihang Kristiyano upang sila ay maging espirituwal na liwanag para sa mga hindi naniniwalang miyembro kanilang pamilya. (Eph. 5:8)

14. Panginoong Diyos, ipinagdarasal namin ang mga nakikipag-ugnayan sa mga tagapakinig ng programang Kurdish Women of Hope. Bigyan Mo sila ng karunungan kung paano tumugon at lakas ng loob na ibahagi ang ebanghelyo. (Rom. 1:16)

15. Nawa'y hikayatin ng mga programang Women of Hope Arabic ang mga kababaihan ng Lebanon na dumaranas ng mga krisis sa ekonomiya at pulitika at tulungan silang maging instrumento ng pagbabago sa kanilang mga komunidad. (Esther 4:14)

16. Dalhin Mo, Panginoon, ang pagkakaisa at pagkakasundo sa mga pamilya sa Turkmenistan. Naging pangkaraniwan na ang labor migration at diborsyo sa pagiging sanhi ng kawalan ng magulang ng bata sa kaniyang paglaki. (Ps. 133:1)

17. Idinadalangin namin ang mga kababaihan sa Iran na patuloy na ipinagbabakasakali ang kanilang buhay sa paglaban para sa higit na kalayaan at mga karapatan. Panginoon, mangyaring protektahan Mo ang magiging na kababaihang ito at sagutin ang kanilang mga daing para sa katarungan. (Ps. 121:7-8)

18. Panginoon, nawa'y ang mga kababaihan sa Palestine na naghahangad ng kapayapaan at pakikipagkasundo sa Diyos ay maaliw at makatagpo ng pag-asa sa pakikinig sa mga programang Women of Hope Arabic. (Rom. 5:11)

19. Maging tagapagtanggol Ka, Ama, ng mga batang babae sa Uzbekistan na pinipilit na ipakasal. (Jer. 1:8)